# MASAYANG **BAHAGI**




## TINAPAY O **TUBIG?**

Napansin mo na ba na medyo may pagkakaiba ang mga panalangin ng sacrament? Kung aalisin natin ang ilang salita, masasabi mo ba kung aling panalangin ang para sa tinapay at alin ang para sa tubig? Kung gayon, punan ang mga patlang sa ibaba ng mga tamang salita. Kung kailangan mo ng tulong, tingnan sa Moroni 4:3; 5:2 o Doktrina at mga Tipan 20:77, 79. (Ang salitang *alak* ay maaaring palitan ng *tubig*.)

**A.** Makakain

**B.** Tubig

**C.** Katawan

**D.** Dugo

**E.** Iinom

**F.** Tinapay

**G.** Nabuhos

**PANALANGIN SA TINAPAY / TUBIG**

O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang 5.______ na ito sa mga kaluluwa ng lahat nila na kakain nito, nang sila ay 6.______ bilang pag-alaala sa 7.________ ng inyong Anak, at patunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila ay pumapayag na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ng inyong Anak, at lagi siyang alalahanin at susundin ang kanyang mga kautusan na ibinigay niya sa kanila; nang sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila. Amen.

**PANALANGIN SA TINAPAY / TUBIG**

O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang 1.______ na ito sa mga kaluluwa ng lahat nila na 2.________ nito, nang ito ay kanilang magawa bilang pag-alaala sa 3. ______ ng inyong Anak, na 4.________ alang-alang sa kanila; nang kanilang mapatunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila sa tuwina ay aalalahanin siya, nang mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila. Amen.



Mga sagot sa pahina 31.

## BAHAGING PARA SA MGA KABATAANG **ARTIST**

Ikaw ba ay isang artist? Naghahanap kami ng sining, tula, o retrato mula sa mga kabataan sa iba't ibang panig ng mundo! I-email ang ginawa mo sa ftsoy@ChurchofJesusChrist.org para sa pagkakataong matampok.



Narito ang isang napakagandang tula batay sa mga banal na kasulatan na isinumite noong Agosto 2022.

Hindi ko pa nabasa ang salaysay
Sa lahat ng salot sa Egipto,
Si Elias at ang mga Propeta ni Baal,
O ang pagbagsak ng mga pader
ng Jerico.

Ngunit hindi lamang mga kuwento
ang matatagpuan
Sa mga tala ng Lumang Tipan.
Ang Hari ng mga Hari ay atin ding
nalaman
At kung paano Niya tayo tutulungang mamuhay.

Lahat ng pahina'y nagpapakita
Walang katapusan ang kapangyarihan Niya,
Dumarating ang mga pagpapala
sa mga naghihintay,
At pagmamahal na patuloy Niyang
ibibigay.

(Tingnan sa Exodo 7–12;
1 Mga Hari 18; Josue 6.)

***Ella A., 15, Arizona, USA***



MGA LARAWANG-GUHIT NI JOSH TALBOT

## **IKONEKTA** ANG MGA TULDOK!

Gumuhit ng mga linya mula sa numero papunta sa isa pang numero sa loob ng bawat kulay para makita ang mga konstelasyon.



